Review

# Pagpapatiwakal at Pagbanyuhay, Pagpaslang at Paghulagpos: Dalawang Dula ng Paglalantad at Pakikitalad

Rebyu ng mga dulang *Dobol* at *Baclofen*

Eugene Y. Evasco

---

Taong 1974 nang matunghayan sa tanghalan ang pahayag ng mga bakla ukol sa kanilang buhay. Umalingawngaw sa mga manonood ang hinaing at pangarap na kipkip ng *Hanggang Dito na Lamang at Maraming Salamat* ni Orlando Nadres, lalo pa't nakaliligalig ang mga salitang binitawan ng tauhang si Fidel:

> Ako ay ganito, kaya hanggang dito na lamang at maraming salamat. Kay Julie ko lamang inamin ang tunay kong pagkatao. Dahil hirap na hirap na ako. Wala akong makausap tungkol dito. Walang makakaunawa tungkol sa bagay na ito kundi ang katulad namin ni Julie….Kami-kami lang. Mga lihim na pag-uusap. Mga pabulong at panakaw na pagtatapatan. Talagang hindi ko ito ipagtatapat sa iyo pero…nangyari na…biglang-bigla, natanggal ang aking maskara… alam kong iiwasan mo na ako. At ngayo'y magpapaalam ka na sa akin.

Matapos ng nasabing pagsasadula, marami-rami na rin ang sumuong sa ganitong tunguhin ng pagsusulat at pagtatanghal, lalo pa't naging mapagkalinga ang kilusang mapagpalaya sa kasarian. Halos kinupkop ang mga kuwento, talinghaga, at pahayag na nagsisiwalat ng kabalintunaan at kasiphayuan dulot ng kasarian. Masasabi pa na lumaganap ang malawakang paglaladlad sa tanghalan sa huling bahagi ng dekada otsenta hanggang dekada nobenta. Kabilang na sa pagsusulong ng paglaya mula sa opresyon at marhinalisasyon ang mga dulang itinanghal, nalimbag, o nagwagi sa timpalak-pampanitikan—*Kung Paano ko Pinatay si Diana Ross* ni Rody Vera, *Kumbersasyon* ni Rene Villanueva, *Freshman* at *Last Full Show* ni

Chris Martinez, *Kuwan* ni Jun Lana, *Taguan sa Ulan* ni Blaise Gacoscos, *Macho Motel* ni Sid Hildawa, *Esprit de Corps* ni Auraeus Solito, at ang *Ang Mahabang Patlang ay Isang Malaking Katanungan* ni Jose Jay B. Cruz.

Muli na namang nasundan ang ganitong bugso ng produksiyon sa teatro sa ika-16 na *theater season* ng UP Playwright's Theater noong Mayo 2001 sa direksiyon ni Alexander Cortez. Naipagpatuloy na namang muli ang paghulma sa kung ano ang kabatiran ng bakla at kabaklaan sa konteksto ng lipunang Filipino. Mangyari pa, mabigat ang tungkuling ipinapataw sa dalawang dulang itinanghal. Una, kailangang may bago itong pagtanaw sa kasarian at sekswalidad dahil sa halos pamamayagpag ng dula ukol sa bakla noong nakaraang dekada. Ikalawa, kailangang makaigpaw na ito sa mga usapin ng paglaladlad na siyang namayaning tema ng dula ukol sa bakla. Ikatlo, inaasahang sasagkaan ng dalawang dula ang kinamihasnang mga paniniwala at imahe ng bakla na patuloy na pinagyayabong ng mass media, panitikan, at kulturang popular. At huli, ang daming dapat sagutin ng dulang *Dobol* at *Baclofen* sa harap ng mapag-usisa at kritikal na manonood, lalo't higit pa sa mga kabataang tumutuklas sa mga karapatang iginigiit ng "pinatatahimik" at "naisantabing" kasarian. Ang dulang itatanghal ba'y pagpapatibay sa mga laganap na istiryotipo ng bakla? Ito ba'y natatapilok sa bitag ng sensasyonalisasyon ng sex at karahasan? Maaari pa bang magsadula at magtanghal ukol sa kasarian sa panahong ito? Ano na kaya ang ipinaglalaban ng kilusang mapagpalaya sa kasarian? May mga bago bang isinusulong ang mga bakla na hinihiling ng makabagong panahon? Nasa yugto na kaya ang dula ukol sa bakla (*gay play*) ng pagsusuri at muling paghihiraya (re-imahinasyon)?

Ito ang mga tanong na sinikap matugunan sa palabas na *db*.

Ang *Dobol* ni Rene Villanueva ang unang dulang itinanghal. Sa unang sipat, bago ang inihahain nitong imahe ng bakla—isang bading na *stuntman*. Bago nga itong maituturing dahil sa pamamalasak ng mujerista (*crossdresser* at/o *effeminate* na bakla) sa telebisyon at pelikula. Lirikal ang dulang ito ukol sa pamamaalam. Pamamaalam sa isang sinisinta. Pamamaalam sa buhay na umiinog sa ilusyon at pangarap. Pamamaalam sa pagkukubli. Litaw na talinghaga ng dula ang pagtutumbas sa isang bakla sa sirenang si Ariel ng pelikulang *The Little Mermaid*. Ang dalawang tauhang ito ay

kapwa umaasam ng isang mas malawak at mas mapag-arugang lipunan kikilala sa kanila bilang bahagi; wala sa sulok, wala sa gilid. Payak naman ang suliranin ng tauhan sa dula: pagkilala. Pagkilala sa kanyang pasiya na umibig sa isang lalaki. Pagkilala sa kanilang ugnayan na maaaring maging makabuluhan at magtagal, hindi man magbunga ng anak o mabasbasan ng institusyon ng relihiyon.

Quezon Bridge ang lunan ng dula. Iniluklok ng mandudula ang kanyang tauhan upang matanaw nito ang kanyang naangking lunan sa hatinggabi ng kanyang pahimakas. Sa pagbubulay-bulay ng *stuntman* sa buhay, sa kanyang pagbabalik-tanaw sa pagsinta ng sarili at mga kaibigan, nagunita niya ang lihim na mga lugar sa di-kalayuan. Wari bang isang rekoleksiyon sa heograpiya ng sekswalidad ang bahaging ito ng dula—ang Rizal Park, Mehan Garden, eskina sa Maynila, na kilala ng tauhan "tulad ng mga sariling guhit sa palad." Balintuna ang instrumento ni Villanueva. Halos buong lungsod ang nakikita ng tauhan ngunit ang pag-angkin ng isang munting espasyo para sa romantikong ugnayan ay naipagkait ng lipunan. Hindi nagpakulong ang dula sa usapin lamang ng paglaladlad. Naging lamang ito sa pagtalakay sa mas mahabang prosesong kaugnay dito. Ito na marahil ang kalakasan ng dula. Binibigyan ng mandudula ng tinig ang kanyang tauhan, akmang-akma sa pagkakapili niya ng talinghaga ng isang sirenang handang ipagpalit ang kanyang marikit na tinig upang magkapaa't binti, makatuntong sa lupa, at mahagkan ang kanyang sinisintang prinsipe. Nabanggit nga ng tauhan, "Matitiis ko bang mawalan ng boses habang buhay? Kailan ba ako tunay na nagkatinig?" Malaki ang pagbabago sa karakterisyon na ginawa ng mandudula kaugnay ng kanyang mga baklang tauhan. Sa dula niyang *Kumbersasyon* noong dekada otsenta, halos mamilipit ang kanyang tauhan sa hindi pagsasatinig ng damdamin at hindi pagsisiwalat ng nararamdaman sa nakursunadahang lalaki. Dumaloy, humaba, at nagpasikot-sikot ang usapan na humantong lamang sa wala. Kabaligtaran nito ang kanyang bagong dula na mayroon ding kahawig na paksa. Sa puntong ito, kagyat kong naalala ang sinabi ng manunulat na si Nelson Algren. Ayon sa kanya: "I think the writer must serve the inarticulate." Pangakong panghahawakan ng manonood ang pagtatangkang ito ng mandudula.

Sa pagtunghay ng dula, mapapansin ang mga de-kahong sitwasyon at karakterisasyon ng mandudula. Dito na magtatagpo ang kilay ng mga manonood at iisiping "Ano ang bago sa dula?"

Mapapansin na ang tauhan ay nagumon sa paggala upang maghanap ng panandaliang lunas sa pangangailangang makipagtalik. Ayon nga sa tauhan, "*Para que* pa na naging bakla ako, ano? Pumapatol ako sa mga nakakasalubong sa daan kung hinahatinggabi ng uwi." Ito nga kaya ang kultura ng bakla na nais mailantad? Ito kaya ang tauhang nais mahulma sa mga tumutunghay ng dula? Idinagdag pa sa dula ang kuwento ng tauhan sa kanyang kaibigang nadisgrasya ng isang *call boy* dulot ng "kapansin-pansing bukol sa harapan ng denims na itim." Kung nagnanais ang mandudula, malay man niya o hindi, na lumikha ng bago sa kanyang akda, bakit nasa lumang hulmahan pa rin ang tauhan? Kung ninanais niyang suriin ang pasikot-sikot na lente ng mga tumutunghay o sumisilip sa bakla, bakit baklang naglulupasay at hayok sa makakatalik ang kanyang iniakda?

Mapapalagpas ito sa paniniwalang mahirap maglantad ng pagbabago. Halos experimentasyon ang nailuwal ng mandudula, hindi lamang sa istruktura at anyo ng kanyang dula na pinagtiyap na monologo at panumbalik (*flashback*) kundi sa paglakip ng maituturing na bagong usapin sa loob ng trahedya. Sa katunayan, ginamit ni Villanueva ang "lumang" kuwento ng bakla upang tumalakay ng bagong usapin sa kasarian. Ito ang kanyang napagtagumpayan na hindi natalakay sa ibang dula. Sa bahaging ito, inilatag ang mga usaping mapagtatalunan ng mga manonood: ang ugnayan ng dalawang lalaki na kikilalanin ng sariling pamilya; ang konsepto ng pamilya; ang hangad ng bakla na magkaroon ng anak; ang kahulugan ng pagkabakla; at ang relasyon ng bakla sa "tunay" na lalaki. Napagtuunan din ang damdamin ng isang bakla bilang taong sumisinta: ang takot sa hangganan ng pagkakabigkis; ang pag-usig sa kabatiran ng ugnayan; ang pag-apuhap sa dokumentong magpapatunay sa kasunduan, maging ito man ay personal o panlipunan. Kinastigo din sa dula ang mga dikta ng lipunan na pumapatnubay sa desisyon ni Ding, na naging kasintahan ng *stuntman* sa loob ng limang taon. Dikta sa tauhan na siya'y magkaanak at mag-asawa ng isang babae dahil siya ay isang lalaki. Magkaalinsabay na atas ng simbahan at batas na humahantong sa pagpaparami ng lahi o lipi ang pagtatalik, kaya nga't bawal ang pagtatalik ng dalawang lalaki dahil walang sinapupunan ang isa. Nilalapastangan ng panlipunang diktang ito ang ugnayan ng mga tauhan sa dula. Kaipala, ito rin ay naglalantad sa baluktot na paniniwala ukol sa pagkalalaki at nagsusulong sa bagong kabatiran ng pagkabakla sa pamamagitan ng pagpuwing ng mga bakla sa kinamihasnan at kinikilala. Hinarap ng

tauhan ang mga pumapatnubay at gumagabay at hindi na nag-alinlangan pang gayatin ito at busisiin. Ito ang talinghaga ng pakikitalad ng *stuntman*. Masaktan man siyang paulit-ulit, masugatan man siya sa kanyang landasin, mahiwa man siya sa pagpapanatili ng ugnayan, handa siyang tumalon sa panibagong yugto ng pakikibakang pangkasarian. Dagdag pa rito, paghikayat at panawagan ang dula sa ilang manunulat na hindi lamang lumusong kundi lumukso rin sa ganitong yugto sa paglayang pangkasarian. At kung maisasabuhay ito, ang inaasam na paglutang at pagbanyuhay ay sila, higit sa lahat, ang tanging makakatanto.

Pangalawa at huling dulang itinanghal ay ang *Baclofen* ni Chris Martinez. Sa mga mandudula ng bansa, si Martinez ay isa sa pinakamasigasig na ilarawan at isadula ang buhay ng bakla. Ang kanyang *Freshman* ay dramatisasyon ng pagpapahayag ng damdamin, kaakibat ng mga bagaheng personal. Sa kanya namang *Last Full Show,* nailantad ang malagim at madilim na kalakaran ng paghahanap ng pagsinta at pagtanggap sa loob ng sinehan. Makulay rin ang kanyang pagkakalarawan sa isang baklang magte-trenta sa *Last Order sa Penguin* na nananabik sa isang relasyon. At ang huli niyang dulang *Balang Araw* na itinanghal din ngayong taon ng PETA ay isang masigabong paghihiraya sa sitwasyon ng bakla sa malayo-layong kinabukasan, kung saan lahat ng mga iginigiit na karapatan ng bakla—mula sa pagtanggap ng pamilya, simbahan, lipunan, at ang paglubos ng mga bakla sa abanteng teknolohiya—ay napagtagumpayan na.

Makitid ang lunan na pinili ni Martinez—isang *beauty parlor*—upang ilantad ang politika sa mga ugnayan ng bakla sa loob nito. Masasabi nating ang pagkakapili ng mala-kahong espasyo sa dula ay maigting na paglalarawan sa paghulagpos ng mga hulagway-bakla (*representation*) mula sa kinahiratihan. Kahong hindi kahon ang napiling kasangkapan ng mandudula. Ayon nga sa mandudula: "Matagal na akong nababagabag at nagtatanong tungkol sa politika at kultura ng kabaklaan. Ang konsepto ng kapangyarihan ayon sa panlabas na anyo, gawi, at lenggwahe. Ang tunggalian ng pa-mhin at pa-girl, ng closeta at ng ladlad, 'ng lalaking pumapatol pero hindi bakla' at 'baklang pumapatol lamang sa tunay na lalaki.'" Bukod sa pagkakapili ng lunan, kinalong ni Martinez ang anyo at istruktura ng *film noir* upang maging lunsaran ng kuwento ukol sa magkakasalabid na ugnayan ng tatlong lalaki—sina Naomi, David, at Jonathan. Binigyan niya ng bagong bihis ang ganitong anyo sa

pelikula sa pamamagitan ng kasarian ng mga tauhan. Isang matapang na pagbabakasakali ang ganitong tunguhin, lalo pa't laganap sa mga unibersidad at mga grupong panteatro sa bansa ang mga dulang linyado o dulang nagtataguyod ng kapakanan ng higit na nakararami, mga dulang halaw sa panlipunan at pangkabuhayang aspekto ng batayang sektor, mga dulang pilit na binabanyuhay ang lumang tradisyon tulad ng ritwal, dulang panrelihiyon, at sarsuwela.

Alex Cortez



*Naglalambingan ang magkasintahang si Naomi (Melvin Lee), may-ari ng Femme Fatale Beauty Box, at si David/Daves (Mon Confiado), isang* tricycle driver.

"'To Daves, *habang buhay*...love, Naomi.' *Habang buhay...ang ganda 'no?"*

-Naomi, "Baclofen"

Tiyak na istruktura at kuwento ang inampon ng mandudula. De-kahon, masasabi nga ng ilan. May isang tauhang (A) umibig sa isang tauhan (B). Papatayin ni A ang kasintahan ni B na si C. Isang *authority figure* si C. Hihiling ng pananagutan sa kanilang ugayan si A kay B sa kanyang nagawa. Magkakaroon ng tunggalian hanggang sa mapatay ni B si A. Bandang huli, magiging malaya si B. Nasa ganitong landasin ang dulang *Baclofen*. Tauhang A si David na kasintahan si C na isang *authority figure* ng akda dulot ng pagmamay-ari ng isang *parlor*. Lihim na magkakaigihan sina David (A) at

Jonathan (B). Gagawa sila ng paraan upang mawala sa eksena ang tauhang si C. Gamit ang baclofen, isang uri ng gamot na *muscle relaxant* na binibigay sa mga pasyenteng na-*stroke* o gamot sa *spasm* tulad ng sinok, pagkakaisahan nina Jonathan at David si Naomi. Hanggang sa huli'y mapapatay naman ni Jonathan ang hulog-sa-bitag-na-pag-ibig na si David. Ngunit ang kapansin-pansin sa dula, tulad ng kalakasan ng *Dobol*, ang pagtataglay nito ng bagong dalumat sa kilusang mapagpalaya, malay man o hindi ng mandudula.

Sa pagtatanghal ng dula, maraming binaklas ang mandudula ukol sa mga ilusyon ng isang bakla. Sinuri at binulatlat ang isang ugnayan ng paggamit at pagkakasangkapan. Binigyan ng bagong imahe ang bakla bilang literal at metaporikal na pumapaslang ng kapwa bakla. Gayundin, kapwa bakla ang kalaban ng isang bakla. Kalakasan nito ang paggamit ng ganitong talinghaga ng paglaya dahil hindi sinasakdal ng manunulat ang iba pang kasarian, na madalas na paratang sa mga dulang feminista. Dagdag pa rito, sinuri rin ng mandudula ang kapangyarihan ng mukha at salapi upang mangibabaw sa loob ng isang kasarian. Ibig sabihin, hindi lamang kasarian ang usapin ng kasarian kundi usapin din ng anyo at uri. Gagap ni Martinez ang ganitong kaalaman at hindi nahulog ang dula sa kumunoy ng simplistikong paglalarawan ng pagpaslang o kaya naman ng "makamandag" na ugnayan.

Nais ni Martinez na paslangin ang di-makatwiran at di-makataong pangingibabaw ng bakla sa dula. Ito ang kanyang paninindigan at kontribusyon sa pagpapayabong ng mga ideya sa kilusang malay at mapagpalaya sa bakla. Nais kumawala ni Jonathan sa parlor ni Naomi dahil sa pambubusabos at pagturing sa kanya na higit pa sa alila. Pambayad-utang ng kanyang magulang si Jonathan. Nagkataong may pagkakakitaan ng kaligtasan at kabuhayan si Naomi kaya ipinagkatiwala siya rito ng magulang. Isang baklang mapang-urirat si Jonathan. Sinalungat niya ang namamayaning paniniwala sa kakayahan ng isang bakla na likha at hulma ng lipunan. Hindi niya tinanggap ang masikip na espasyong iginawad sa kanya ng kanyang uri at kasariang pinagmulan. Ayon nga kay Jonathan, "May nagtanong ba sa 'kin kahit minsan kung gusto ko ba rito? Gusto ko bang magtrabaho rito? Gusto ko bang maging katulad niya [Naomi]? …Kasalanan ko ba na iniisip nila na dito [*beauty parlor*] lang ako bagay dahil bading ako?" Kapansin-pansin din na sa dula, halos tanong ang linyang binibigkas ni Jonathan. Lahat ng mga tanong sa

kanya ni Naomi at David ay sinasagot niya ng mga tanong. Ito na marahil ang pinakamahusay na pagbibigay-katauhan ni Martinez sa kanyang tauhan. Tanong ang diskursong ipinataw kay Jonathan ngunit siya ang sumagot, kumpara sa dalawa pang tauhan, sa mga laganap na tanong ukol sa politika at kultura ng kabaklaan. Batid naman niya ang talas ng kanyang kamalayan. Aniya, "Ako rin minsan natatakot sa mga naiisip ko, sa mga pinaplano ko. Alam mo ba iyon?" Sa isang banda, ang mandudula at si Jonathan ay iisa. Kapwa sila makapangyarihan sa pagiging mulat at mapanuri sa kalagayan ng bakla. Bagamat may alinlangan at agam-agam, naisakatuparan ng mandudula at Jonathan ang mithi na humulagpos sa pagkakahong ipinataw ng mga aparatong nakapaligid sa lipunang kanilang ginagalawan.

Kapwa rin makulay ang karakter ni David: isang machong bakla. Sa unang talakay sa dula, binansagan lamang itong "pumapatol." Ibig sabihin, ginagamit ang isang parlorista upang makatulong sa kanyang pagkakakitaan, mabuhay, at maipagpatuloy ang mga luho at bisyo. Ngunit sa daloy ng kuwento, lumilitaw na isang bakla si David na humahagilap ng tunay na pag-ibig. Balakid nga lamang sa ganitong tunguhin ang hindi niya matanggap-tanggap na konsepto na isa rin siyang bakla, na sa kanyang pagkakamuni ay baklang tulad ni Naomi, isang mujerista't parlorista. Maigting ding napalitaw ang kapangyarihan ng kaanyuan sa kanyang katauhan. Ginagamit ng nabanggit ang katawang maskulado at personalidad na "machong-macho" upang makamit ang mababaw na paggalang mula sa lipunang kanyang ginagalawan o hindi maging takaw-atensiyon sa nakadilat at mapang-usig na pamayanan. Sang-ayon nga kay David, "Para pagtinginan ng mga tao? Para magbulungan sila? Para lang may mapag-usapan sila?"

Isa pang mahusay na paggamit ng talinghaga sa daloy ng dula ay ang paglalangkap ng balita mula sa *tabloid*. Ginamit ng mandudula ang tila-fantastikong salaysay ukol sa lalaking pumutol sa kanyang ari. Talos naman ng mga masigasig tumunghay sa panitikan ng bakla ang namamayaning simbolo o litaw na paniniwala sa ari ng lalaki bilang hari. Kasangkapan ito sa pangingibabaw. Ginagamit sa proseso ng erotisisasyon ng dominasyon at pagpapalupig. Kaya nga't mainam na *foreshadowing* ito sa daloy ng pagsasadula—nagpapahiwatig sa pagbasag ng katahimikan, pagsakdal sa mga istiryotipo, at pagpaslang sa mapang-abusong kapangyarihan.

Nakakapangilabot din ang naging wakas ng dula. Dito lumantad ang lirisismo at pagkamatulain ng mandudula. Matapos mapaslang ang dalawang tauhan, nagpanggap si Jonathan na biktima siya sa eksena. Na nanlaban siya sa atake ni David; na proteksiyon sa sarili ang pagpaslang. Paano niya naisakatuparan ang paghuhugas-kalawang? Nilubos niya ang kaanyuan ng isang mujerista. Naglagay ito ng kolorete sa mukha, naglagay ng pulang-pulang lipstik sa labi. Nagbalat-kayo siya upang ipamalas na mujerista siyang hindi kayang pumaslang nang walang matinding dahilan, na hindi siya makakaisip ng karumal-dumal. Ito ang kahulugan sa realistikong antas. Ngunit sa metaporikal na antas, pagbibigay ito ng bagong imahe sa mujerista o isang madugong proseso ng paglaladlad sa lipunan. Ngunit higit pa rito, isa itong pagdiriwang—pagdiriwang sa pagkakapaslang sa nararapat paslangin, pagdiriwang sa pagsupil ng opresyon—upang sagutin ang mga tanong na kapwa bumabagabag sa tauhan at sa mandudula.

May ilan akong kakilala at kaibigang manunulat na nagtatanong kung laos na nga ba ang panitikan ng bakla (*gay literature*) sa bansa. Ang sabi ko naman, hangga't may bagong sensibilidad, hangga't hindi pa tapos ang pagsusulong at pakikitalad, hangga't may mga aspekto pa ng pagkabakla na hindi natatalakay at nasusuring ganap, hindi malalaos at magiging makabuluhan ang panitikan ng bakla sa lupalop ng pambansang panitikan. At ang pagtatanghal ng dalawang dula, sa direksiyon ni Prof. Alex Cortez, ay isang patunay na nailuluwal ang panitikan ng bakla bilang makabuluhang teksto na higit pang magiging kontrobersyal at matapang. Patunay ring marami pang tanong na kailangang tugunan at ipaliwanag. At kabilang ang dalawang dulang ito sa mga tugon na iyon.

---

***Eugene Y. Evasco** is currently teaching at the Department of Filipino and Philippine Literature in UP Diliman, where he is also pursuing his PhD in* Malikhaing Pagsulat. *He received the* Makata ng Taon *in 2000 (2000 Poet of the Year) and three Palanca awards in the same year for the poetry, children's story, and essay categories.*